



Earth Savers UNESCO DREAM Center / Artist for Peace ° International Theatre Institute (ITI) ASEAN-Pacific Bureau
Gotesco Regency Twin Towers B, Unit 1203, Natividad Lopez Street, Ermita, Manila 1000
Telefax: (632) 524-6662 / Mobile number: +63915-898-3947 / +63999-977-7771 Email: dreamcenterphilippines@yahoo.com.ph

2016 WORLD DANCE DAY MESSAGE

“KARAKIA” (PANALANGIN)

ni Lemi Ponifasio

salin sa Filipino ni: **Frank G. Rivera**

Hipuin ang mga bituin
galing doon sa pagka-Diyos natin
Pinagliliwanag ang mukha ng mga ninuno
upang mga supling ay ating mapansin
Ilalim ang katabi sa ibabaw nilala
lahat ng nasa pagita’y pinag-isa
buto nati’t laman, saka alaala
daigdig ay balisa

Sangkatauha’y nagpapalipat-lipat
Mga pawikang tahimik na naghahanda
Puso ay sugatan
Gawing sayaw ang kilusan ng pag-ibig
Kilusan ng katarungan
Tanglaw ang katotohanan